REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 56**

**KAPASIYAHAN NA ITINATAKDA ANG IKA-19 NG DISYEMBRE NG BAWAT TAON BILANG "ARAW NG MUNTINLUPA".**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pagkakalaya ng Muntinlupa bilang nasasakop ng Bayan ng Taguig ay isinagawa upang maging hiwalay at isa pang bayan ng Rizal ay itinakda noong Disyembre 19, 1917 sa isang Kautusang Tagapagpaganap Bilang 108 na pinagtibay ni Gobernador Harrison;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng isang tanging araw ng Muntinlupa ay bilang paggunita at pagdakila sa pagkakatayo nito bilang isang bayan;

SAPAGKAT, ang tanging araw na ito ay pagpapahalaga at pagkilala sa mga mamamayan ng Muntinlupa sa kanilang matapat na hangaring mabigyan ng magandang ngalan at dangal ang Bayan ng Muntinlupa;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na itakda ang ika-19 ng Disyembre bilang maging "Araw ng Muntinlupa".

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pangtatlumpu't dalawang (32nd) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-10 ng buwan ng Oktubre 1988.

PINATUTUNAYANG TOTOO:

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Oktubre 10, 1988

ARAW NG MUNTINLUPA

# KAPASIYAHAN BLG. 56

KAPASIYAHAN NA ITINATAKDA ANG IKA-19 NG BUWAN NG DISYEMBRE NG BAWAT TAON NA MAGING "ARAW NG MUNTINLUPA".

---

SAPAGKAT, ang pagdiriwang ng Disyembre 19 bilang araw ng Bayan ng Muntinlupa ay alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap Bilang 108 na inaprubahan ni Gobernador Harrison noong nakaraang Disyembre 19, 1917 na hinihiwalay ang Muntinlupa sa Bayan ng Taguig upang maging malaya at isa pang bayan ng lalawigan ng Rizal;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng isang tanging araw ay magsisilbing alaala sa mga taong tubo ng Bayan ng Muntinlupa na nagsumikap na magkaroon ng sariling pagkakakilanlan bilang mga mamamayan; nito at may masasabing sariling lugar o bayan nilang pinagmamalasakitan at tinatawag;

SAPAGKAT, ang pagdaraos o pagdiriwang ng isang araw ng Muntinlupa ay bilang pagdakila at pagkilala sa kahalagahan ng araw na ito at ipamulat sa mga susunod pang salinlahi hinggil sa pagkakalaya nito at pagkakatatag bilang isang bayan at maging maunlad at isa sa pangunahing bayan sa bansa sa ngayon;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng isang tanging araw para sa Bayan ng Muntinlupa ay nararapat at angkop lamang bilang pagbubunyi at pagbibigay ng maringal na piging sa makasaysayang araw na ito:

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na itakda ang ika-19 ng buwan ng Disyembre bilang "Araw ng Muntinlupa".

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-tatlumpu't dalawang (32nd) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-10 ng Oktubre, 1988.

**KGG. IGNACIO R. BUNYE**
Punong Bayan Pangulong Opisyal

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
Pang. Punong Bayan Pang. Pangulong Opisyal

**KGG. CARLO G. TENSUAN**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**

**KGG. EPIFANIO A. ESPELETA**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
Konsehal

**KGG. ROGER C. SMITH**
Konsehal

**KGG. NEMESIO O. MOZO**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
Konsehal

PINATUTUNAYANG TOTOO:

**RAUL R. CORRO**
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY: Oktubre 10, 1988